

## APPLICATION

- Saan ka nahihirapang magtiwala sa Diyos? Papaano ka magtitiwala ng higit pa sa Kanya sa linggong ito?
- Papaano mas lalalim ang iyong pang-unawa sa Diyos at sa Kanyang Salita araw-araw?
- Isipin mo ang isang tao na dumaranas ng kahirapan sa mga panahon na ito at nangangailangan ng magpapatibay ng loob. Papaano mo siya tutulongang panghawakan ang Salita ng Diyos at magtiwala sa Kanya sa dinadaanang kahirapan?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang kapangyarihan, sa Kanyang likas na 'di pabago-bago, at sa Kanyang maaasahang Salita.
- Ihayag na magtitiwala ka sa Diyos kahit minsan ay wala kang maintindihan o kahit hindi nangyayari ang mga bagay-bagay ayon sa iyong kagustuhan.
- Ipanalangin ang mga dumaranas ng mga paghamon sa buhay. Hingin sa Diyos na ikaw ay makapagbigay-sigla sa kanila at maging daluyan ng Kanyang pagpapala.



## May Kontrol

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

## WARM-UP

- Kung may isang bagay kang nais baguhin sa iyong buhay o mga pinagdadaanan, ano ito? Bakit?
- Sino ang taong katiwa-tiwala na kilala mo? Ano ang mayroon sa kanya na naging katiwa-tiwala siya sa iyo?
- Balikan ang panahon na may nangyari pero hindi ayon sa kaparaanan mo. Paano ka tumugon?

**WORD**

*Kung paanong hindi mo nalalaman ang direksyon ng hangin o kung paano lumalaki ang sanggol sa sinapupunan ng ina, ganoon din ang ginagawa ng Diyos na gumagawa ng lahat ng bagay, hindi mo rin ito maiintindihan.* **MANGANGARAL 11:5**

Maraming bagay sa buhay ang hindi natin maintindihan at hindi natin hawak. Gayunman, laging makapangyarihan ang Diyos. Ibig sabihin nito’y nakikita Niya ang mga bagay ng malayo pa lang—higit pa sa ating kakayahan—at hawak Niya ang lahat. Kapag kinakaharap tayo ng mga pangyayaring higit pa sa ating kakayahan o kontrol, kasama ang limitado nating pang-unawa at kalakasan, maaari nating panghawakan ang tatlong katotohanang ito mula sa Salita ng Diyos.

**1 Alam ng Diyos ang Kanyang ginagawa.**

<sup>8</sup>*Sinabi ng Panginoon, “Ang pag-iisip ko ay hindi katulad ng pag-iisip n’yo at ang pag-uugali ko ay hindi katulad ng pag-uugali n’yo.*  
<sup>9</sup>*Kung papaanong napakalayo ng langit mula sa lupa, ganoon din kalayo ang ugali’t isip ko sa ugali’t isip n’yo.”* **ISAIAH 55:8,9**

Dahil ang Diyos ay Diyos, hindi natin nauunawaan ng lubos ang Kanyang kaparaanan. At dahil Siya ay Diyos, Siya ang may lubos na kontrol sa ating mga buhay at lagi Niyang alam ang Kanyang ginagawa. Bilang Kanyang mga anak, hindi natin Siya kailangang maunawaan upang tayo ay sumunod at magtiwala. Balikan ang panahong hindi mo naiintindihan ang nangyayari sa buhay mo ngunit nanalig ka sa Diyos sa pinagdaraan mo.

.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....  
.....

**2 Mananaig ang mga layunin ng Diyos.**

<sup>9</sup>*“ . . . Ako lang ang Diyos, at wala nang iba pang katulad ko. <sup>10</sup>Sa pasimula pa lang, sinabi ko na ang mga mangyayari sa hinaharap. Ang aking mga inihayag ay magaganap, at gagawin ko ang lahat ng gusto kong gawin.”* **ISAIAH 46:9,10 (BASAHI RIN ANG KAWIKAAN 19:21.)**

Hindi lang nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay; Siya rin ang nagpapatuloy sa lahat at nagbubuklod-buklod sa lahat ng bagay. Ang Kanyang layunin ay mananatili—kahit anong hadlang man ang mayroon—para sa iyong buhay, pamilya, at bansa, sa lahat ng salinlahi. Papaano mo nakitang nanaig ang layunin ng Diyos sa iyong buhay?

.....  
.....  
.....

**3 Mapagkakatiwalaan ang Salita ng Diyos.**

<sup>10</sup>*“Ang ulan at yelo ay mula sa itaas, at hindi bumabalik doon hangga’t hindi muna nakapagbibigay ng tubig sa lupa at nakapagpapalago ng mga halaman para makapagbigay ng binhi at pagkain sa nagtatanim at sa mga tao. <sup>11</sup>Ganyan din ang aking mga salita, hindi ito maaaring maging walang kabuluhan. Isasakatuparan nito ang aking ninanais at isasagawa ang aking layunin kung bakit ko ito ipinadala.”* **ISAIAH 55:10,11**

*“ . . . Nalalaman n’yo, ng buong puso ninyo’t kaluluwa na tinupad ng Panginoon na inyong Diyos ang lahat ng mabubuting bagay na ipinangako niya sa inyo. Wala, kahit isa na hindi niya tinupad.”*  
**JOSUE 23:14**

Sa kabila ng kawalan ng katiyakan sa buhay, ang Diyos at ang Kanyang Salita ay hindi magbabago. Laging mapagkakatiwalaan ang Diyos at lagi Siyang tumutupad sa Kanyang mga sinasabi. Tinutupad Niya ang Kanyang mga pangako, at tinutupad ng Kanyang Salita ang Kanyang layunin. Ang tugon natin ay ang pagkatiwalaan Siya ng lubos. Papaano mo panghawakan ang nasasaad sa Josue 23:14 sa iyong buhay?

.....  
.....  
.....